Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG SETYEMBRE, 2019 SA GANAP NA IKA-10:32 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ---------------- | Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG 42 T. 2019**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. SENADOR MANNY PACQUIAO NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYONG (P 5,000,000.00) PISO PARA SA FARM TO MARKET ROAD SA BARANGAY CONCEPCION LUMBAN, LAGUNA.**

Akda ni: **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** ang mga daang sakahan sa Barangay Concepcion ay itinuturing na agricultural barangay na wala pang maayos at kongkretong daan;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon nang maayos na daan ay magpapabilis nang pagdadala ng mga aning palay, gulay at prutas mula sa sakahan hanggang sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKAT**, ang kongkretong daan ay magpapa-angat din sa antas ng pamumuhay ng mga mamamayan na dito ay naninirahan;

**SAPAGKAT,** katungkulan ng mga opisyal ng pamahalaang lokal na maipagkaloob sa kanilang mga nasasakupan ang isang maayos at maunlad na pamayanan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka sa Kgg. Senator Manny Pacquiao ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng limang milyong (P 5,000,000.00) piso para sa farm to market road sa Barangay Concepcion Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, Kgg. Emmanuel T. Piñol, para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-23 ng Setyembre, 2019.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo :

**BELEN B. RAGA**
Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan

Pinagtibay :

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*Xcerpt092319res42*